# Kahalagahan Ng Wikang Filipino Sa Pagtuturo Ng Mga Guro Ng Mindanao State University- Sulu Ng Batayang Kaalaman

Wijra S. Iyang[1]*
Sulu State College Graduate Studies, Jolo, Sulu
*Corresponding author: gs@sulustatecollege.edu.ph

*ABSTRACT*. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang demograpikong profile ng mga respondente batay sa edad, kasarian, antas ng edukasyon, tagal ng serbisyo, at asignaturang tinuturo; alamin ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino at ang mga epekto, benepisyo, at hamon nito; matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino batay sa mga demograpikong katangian; at alamin ang ugnayan ng mga sub-kategorya sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino. Gumamit ito ng deskriptibong kwantitatibong disenyo, na isinagawa sa MSU-Sulu gamit ang 100 estudyante bilang respondente sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang instrumento ay nahahati sa dalawang bahagi.: ang una nitong parte. ay tungkol sa mga datos ng populasyon ng mga sumasagot., habang ang ikalawa ay para sa pagsusuri ng paggamit ng Wikang Filipino, na may limang antas ng pagsagot mula "lubos na sumasang-ayon" hanggang "lubos na di sumasang-ayon." Ginamit ang frequency at porsyento para sa unang tanong, mean at standard deviation para sa ikalawa, t-test para sa kasarian, ANOVA para sa ikatlong tanong, at Pearson r para sa ikaapat. Ipinakita ng resulta na higit sa kalahati ng mga respondente ay may edad 30 pababa, karamihan ay babae, at may tagal ng serbisyo na 5 taon pababa. Karamihan sa mga respondente ay sumasang-ayon sa paggamit ng Wikang Filipino. Walang makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng Wikang Filipino batay sa demograpikong katangian. Ipinapakita ng pag-aaral ang mataas na ugnayan ng epekto, benepisyo, at hamon ng paggamit nito, na nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa konteksto ng edukasyon.

*KEYWORDS: Kahalagahan ng wikang Filipino*

***ARTICLE DETAILS***
*JEAS-00061; Received: April 08, 2025; Accepted: April 20, 2025; Published Online: May 19, 2025*
***CITATION:***
*Iyang, Wijra S. (2025). Kahalagahan Ng Wikang Filipino Sa Pagtuturo Ng Mga Guro Ng Mindanao State University-Sulu Ng Batayang Kaalaman. Journal of Education and Academic Settings, 2(1). DOI: 10.62596/nva2nk15*
***COPYRIGHT***
*Copyright © 2025 by author(s). Journal of Education and Academic Settings is published by Stratworks Research Inc. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.*

## Introduction

Ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng wikang Filipino ay mas madaling maiintindihan ng mga mag-aaral ang mga leksyon na itinuturo ng guro sa iba't-ibang asignatura. Binibigyang-diin nina Dannels at Housley-Gaffney (2009) na ang komunikasyon at pagkatuto ay nararapat na magkaroon ng matatag na ugnayan upang ang kahirapan sa pag-aaral sa anumang larangan o asignatura ay mapagtatagumpayan sa pamamagitan ng maayos at epektibong paraan ng pagbabanggit ng mga ideya at mga suliranin. Hindi maipagkakaila na napakahalaga ng paggamit ng wika sa pagkatuto at pagpapahayag ng anumang tugon o reaksyon ng bawat mag-aaral sa

interaksyong pangklasrum. Isa sa malaking hamon ay kung aling wika ang gagamiting midyum sa pagpapahayag.

Mahalagang bigyang laya ang mga guro at mag-aaral na gumamit ng wikang Ingles at Filipino sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pagbabahagi ng kaalaman, mahalagang isaalang alang kung sa anong wika mas komportableng matuto ang mga mag-aaral. Ilan sa hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang pagpoproseso ng mga aralin sa iba't ibang asignatura kung saan ang mga kahulugan ng mga salitang itinuturo sa wikang ingles ay hindi gaanong naiintindihan o napoproseso ng mga mag-aaral.

Hindi na mapapasubalian na halos lahat ng asignatura sa kurikulum ay wikang ingles ang itinataguyod. Gayunpaman, Ang pagkatuto nang maayos ng ikalawang wika ay ang pagsipat sa mundo kung paano ginagamit ang sariling wika ng mga mamamayan nito. Ang pagkatuto rin sa wika ay nagpapakita kung paano nauugnay ang tradisyon, kaugalian, pananaw, at saloobin ng kanilang sariling lipunan sa pagtamo ng wika sa pag-iisip. Sa pag-aaral ni Taylan (2017), kaniyang binibigyang halaga ang kultura bilang panghuhugutan ng mga araling pangwika na naging gabay ng mananaliksik upang ilapat ang mga iba't ibang aralin sa wika at kulturang Filipino.

Sisipatin ng mananaliksik ang iba't ibang mahalagang kasaysayan, konsepto at pag-aaral na makatutulong upang makabuo ng komprehensibong pananaliksik.

**Research Questions**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masusing pag-aralan ang Kahalagahan ng Paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng Mindanao State University-Sulu. Sa panahon kung saan iba't-ibang wika na ang bumabalot sa ating kapaligiran, kailangan nating maunawaan ang partikular na kontribusyon ng Wikang Filipino sa larangan ng edukasyon. Upang maisakatuparan ito, ang pag-aaral na ito ay may sumusunod na pangunahing suliranin:

1. Ano ang demograpikong-propayl ng guro ayon sa:
1.1. Edad
1.2. Kasarian
1.3. Antas na tinuturuan
1.4. Tagal ng panunungkulan; at
1.5. Asignaturang tinuturuan?
2. Ano ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU-Sulu ayon sa:
2.1. Epekto ng paggamit ng wikang Filipino;
2.2. Benepisyo na naibibigay ng Wikang Filipino; at
2.3. Mga Hamon sa paggamit ng Wikang Filipino?
3. May mahalaga bang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU-Sulu kung ang mga datos ay nalikom ayon sa demograpikong propayl:
3.1. Edad
3.2. Kasarian
3.3. Antas na tinuturuan
3.4. Tagal ng panunungkulan; at
3.5. Asignaturang tinuturuan?
4. May mahalaga bang kaugnayan ang mga sub-kategoryang nasaklaw ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU-Sulu?

**Literature**

Inilalahad sa kabanatang ito ang kabuuang konkretong katibayan tungkol sa antas ng kaalaman na nagiging batayan ng mananaliksik upang mabuo ang ginawang pag-aaral.

*Kaugnay na Literatura*

Sa apat na sulok ng silid-aralan at sa mundo ng pagtuturo, mahalaga ang pagkakaroon ng partikular na estilo sa pamamaraan ng pagtuturo sa pagkatuto. Ang mabilis at epektibong pagkatuto ay nakasalalay sa tamang paggamit ng mga mabisang pamamaraan sa pagtuturo, kaya't nararapat lang na isaalang-alang din ang ang wikang gagamitin bilang midyum ng pagtuturo. Ang kahalagahan ng Wikang Filipino sa pagtuturo ay isang mainit na paksa sa edukasyon sa Pilipinas, lalo na pagkatapos ng mga hakbang ng gobyerno upang gamitin ang Filipino sa mga asignaturang agham, matematika, at iba pang teknikal na kurso sa mga paaralan.

Ayon kay Demetrio (1993), Ang wikang Filipino ay isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng batayang kaalaman, sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga konsepto at ideya sa isang mas malinaw at madaling paraan. Napatunayan ito dahil mayroong mga mag-aaral na mas komportableng gamitin ang wikang Filipino sa pahlalahad ng kanilang saloobin at mga natutunan sa apat na sulok ng silid aralan.

Mahalaga sa larangan ng edukasyon ang wikang Filipino sapagkat hindi lahat ng mag-aaral ay gaano kabihasa sa paggamit at pagsasalita ng wikang ingles. Ayon kay Sibayan (1999), Ang wikang Filipino ay hindi lamang isang wika kundi isang instrumento ng pagtuturo na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga konsepto at ideya sa iba't ibang larangan. Kaugnay naman sa pagpapahalaga sa kultura ay napatunayan naman ni Gonzalez (2001) na ang wikang Filipino ay isang mahalagang bahagi ng ating kultura at pagkakilanlan, at ang pagtuturo nito ay mahalaga para sa pagpapanatili ng ating pagkakaisa bilang isang bansa.

Ang wikang Filipino ay isang kasangkapan sa pagtuturo na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga konsepto at ideya, ayon kay Bautista (2004). Ito ay nangangahulugan na sa pamamagitan ng paggamit ng Wikang Filipino ay malayang nailalahad ng mga mag-aaral na Pilipino ang kanilang nais ipahiwatig nang walang pag-aalinlangan. Ang wikang Filipino ay hindi lamang isang wika kundi isang instrumento ng pagtuturo na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na magkaroon ng pagkakaisa at pagkakilanlan bilang mga Pilipino ayon kay Nolasco (2010)

Ayon kay Gonzales (2013), ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa mga pook na hindi bihasa sa wikang Ingles. Ipinakita ng kanyang pag-aaral na mas mataas ang academic performance ng mga mag-aaral kapag ang wika ng pagtuturo ay ang kanilang katutubong wika (Filipino) kumpara sa paggamit ng Ingles, na siyang tradisyunal na wika ng pagtuturo sa bansa. Hindi maipagkakaila na ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura sa mga paaralan sa Pilipinas.

Samantala, ayon kay Cruz (2015), sa kanyang pag-aaral na nakatuon sa mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan, ang paggamit ng Filipino bilang medium ng pagtuturo ay nagsusulong ng mas malalim na pag-unawa at pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga konseptong itinuturo. Dito, ipinakita na ang mga mag-aaral ay mas nakakapagbigay ng mas maayos na sagot at talakayan kapag ang mga aralin ay ipinapaliwanag sa Filipino kaysa sa mga asignaturang itinuturo sa Ingles.

Isang mahalagang punto naman na tinukoy ni Villanueva (2016) ay ang epekto ng paggamit ng Filipino sa pagtuturo sa larangan ng Agham at Matematika. Ayon sa kanyang pag-aaral, ang mga mag-aaral na natututo ng agham gamit ang Filipino ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga teknikal na konsepto. Ginamit sa kanyang pag-aaral ang pagsusuri ng mga mag-aaral sa mga pangkaraniwang paksa sa agham at matematika, at natuklasan na ang mga

estudyante ay mas mabilis makaintindi at makapag-aplay ng mga ideya sa Filipino kaysa sa Ingles, na para sa kanila ay mas teknikal at mahirap maunawaan.

Gayundin, inilarawan ni Diaz (2017) ang papel ng Filipino sa pagtuturo ng Araling Panlipunan. Ayon sa kanyang isinagawang pagsusuri, ang paggamit ng Filipino sa mga paksa tungkol sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas ay nagbigay daan upang mas mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang pambansang identidad. Ang wika ay hindi lamang nagsisilbing daluyan ng mga aralin, kundi nagsisilbing instrumento ng pagpapalaganap ng kultura at mga lokal na tradisyon sa mga mag-aaral.

Ayon naman kay David (2018), ang mga guro na may mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng Filipino ay nakapagbibigay ng mas interactive at participatory na klase, kaya't nagiging mas masaya at masigasig ang mga mag-aaral sa mga klase. Ang pagkatuto ay hindi lamang nakabatay sa mga libro, kundi sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase, at ito ay mas madalas nangyayari kapag ang Filipino ang ginagamit na wika ng pagtuturo.

Sa kabilang banda, may mga hamon din na tinukoy si Ramirez (2019) sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo, kabilang na ang kakulangan sa mga materyales at aklat-aralin na nakasulat sa Filipino, lalo na sa mga teknikal na asignatura tulad ng Agham at Matematika. Ayon sa kanya, ang kakulangan ng mga aklat na nakasulat sa Filipino ay isang malaking hadlang sa mas malawak na implementasyon ng Filipino bilang medium ng pagtuturo sa mga asignaturang ito. Gayunpaman, naniniwala siya na sa pamamagitan ng mas maraming pagsasanay para sa mga guro at paggawa ng mga materyales sa Filipino, ang mga hamong ito ay maaaring malampasan.

Sa pananaliksik ni Ortañez (2020) ay nilalahad na ang mga tao ay nabiyayaan ng Panginoon ng iba't ibang kakayahan upang ilahad ang nilalaman ng isip at ipalaganap sa iba. Kaya naman makikita sa paaralan na binibigyang importansya ang paggamit ng wikang pambansa. Ito ay kinakailangan ng isang nasyon upang maging daan sa kanilang pakikipag komunikasyon sa isa't isa. Sa konteksto ng Pilipinas na ang wikang pambansa ay ang wikang Filipino, ito ay hindi lamang kumakatawan sa isang indibidwal upang maipahayag ang kanyang mga saloobin ngunit kumakatawan sa isang buong bansa ang importansya at halaga ng wikang Filipino. Higit pa rito, ang kahalagahan ng Wikang Filipino para sa mga mag-aaral ay nakapaloob bilang mahalagang bahagi ng komunikasyon. Sa ganitong gana ay hindi lamang basta paggamit ang kinakailangan ngunit ang tamang paggamit at patuloy na paghahasa ng kakayahan sa wikang Filipino. Ito ay mangyayari sa pamamagitan ng pagtuturo ng wikang Filipino ukol sa mga kursong kaugnay nito na tinatalakay ang tamang paggamit sa panitikan, balarila at marami pang iba.

Inilahad ni Bolatin (2019) na ang wika ay isang parte ng pakikipagtalastasan ng isang tao sa iba. Nakaugnay rito ang pagkakakilanlan ng isang bansa sa pamamagitan ng wikang pambansa. Ang wikang Filipino ay kinakailangan magamit at maging matalas ang mga Pilipino upang ito ay mas mapagyayaman pa. Dahil hindi maganda ang mangyayari sa isang nasyon kung ang sariling mga mamamayan nito ay hindi bihasa sa paggamit ng sariling wika. Kaya napakahalaga ng pagtuturo ng wikang Filipino sa batayang kaalaman ng bawat estudyante.

Ayon kay Dela Cruz (2024), nang matapos ang nangyaring pagsakop ng Espanya sa Pilipinas ay sumunod ang Amerika sa pagsakop ng bansa. Mula rito ay namulat ang mga Pilipino sa iba't ibang mga panibagong pamamaraan ng buhay lalo na ang wika sa edukasyon. Dito nagmula ang impluwensya ng paggamit ng Ingles sa lahat ng aktibidad na hanggang ngayon ay nananatili pa rin sa lipunan. Sa pamamagitan nito ay napataas ang kalidad ng edukasyon para sa lahat ng mamamayang Pilipino sa buong bansa. Ang mga asignatura ay tinuturo at ginagamit sa pamamagitan ng wikang Ingles. Sa ganitong gana, nilalayon ng pananaliksik na ito ang pagkakaroon ng pokus sa kahalagahan ng wikang Filipino sa kabuuang pag-unawa at pagkatuto

ng mga mag-aaral gaya na lamang ng sa wikang Ingles. Bukod pa rito, tinatalakay ng pananaliksik na ito ang halaga ng wikang Filipino bilang instrumento sa pagtuturo sa akademya at hindi lamang gamitin sa pakikipagtalastasan ngunit sa mas malalalim na aspeto rin. Ang wika ay nagbibigay-diin sa koneksyon sa kultura at kulturang Pilipino. Ang paksang ito ay sumasaklaw sa iba't ibang dimensyon, ngunit ang wika ay namumukod-tangi bilang isang tubo at sisidlan para sa kultura. Ang pag-unawa sa kultura bilang isang dinamiko, sama-samang kababalaghan na na loob ng isang partikular na konteksto.

Mula sa pag usbong ng patuloy na pagbabago ay lalong mas naging mabilis ang pagsulong ng mundo. Kalakip nito ang iba't ibang uri ng teknolohiya. Ang mga ito ay matulin na instrumento ng paglaganap ng impormasyon na karaniwang nasa wikang Ingles. Ito ay nagdudulot ng paghihirap sa mga Asyano na maintindihan sapagkat hindi lahat ay bihasa sa paggamit ng Ingles. Dito pumapasok ang kahalagahan ng pambansang wika at paggamit nito gaya na lamang ng wikang Filipino sa Pilipinas. Makikita rito ang kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng malaking hamon para sa mga non-native English speakers ang paggamit sa teknolohiya na gumagamit ng wikang Ingles (Samia et al., 2024).

Ang pananaliksik na pinamagatang Pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng Wikang Filipino bilang pangalawang Wika ay nagpapakita sa mga pananaw ng mga mag-aaral na Kankanaey ng Wikang Filipino bilang pangunahing paraan ng pagtuturo. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Banao National High School, kung saan ang mga kalahok ay nasa ika-sampung baitang. Ang mga elemento na may impluwensya sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng Wikang Filipino, kabilang ang talasalitaan, wastong paggamit ng mga salita, at tamang pagbigkas. Ang mga salik na ito ay nagpakita ng impluwensya sa kanilang pag-aaral, na nagpakita ng tiwala sa kanilang kakayahang makipagkomunikasyon, maging sa pasulat o pasalitang anyo, at ito ang nagtutulak sa kanila na magpalit ng wika o magcode-switch (Payangdo et al., 2022).

Nakasentro naman ang pag-aaral ni Metrillo, A na pinamagatang Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Paaralan sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa mga paaralan. Ang pananaliksik ay naglalayong sa paggamit ng Filipino sa 224 na mag-aaral ng SHS, 224 na magulang, at 16 na opisyal mula sa barangay Bayorbor. Ang mga balakid ay nag-alaman na paminsan-minsan sa paggamit ng tumpak at maalalahaning wika, nilalayon naming pasiglahin ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, magulang, at lokal na opisyal ng barangay. Ang paggamit ng Filipino ay nagtatatag ng batayan para sa pagpapaunlad ng kultura ng komunikasyon sa loob at labas ng paaralan (Metrillo, 2018).

Ipinaliwanag ni Hicana (2023) na ang ng papel na ito ay iniharap sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ng Komisyon sa Wikang Filipino. Sinusuri ng seksyong ito ang ebolusyon ng wikang Filipino mula sa pagsisimula nito hanggang sa muling pagkabuhay nito kasunod ng pandemya, na gumagamit ng isang analytical framework na sumasaklaw sa apat na dimensyon: politikal, kultural, panlipunan, at sikolohikal. Ang epistemological na katangian ng wikang Filipino ay ipinaliwanag sa ikalawang bahagi ng papel. Ang diskurso ay delineated sa pamamagitan ng isang tatsulok at superimposed sa pamamagitan ng isang baligtad na tatsulok. Limang lugar ang binigkas: (1) Wika Bilang Kasangkapan at Midyum ng Kaalaman, (2) Pagsusuri at Interpretasyon, (3) Pagbuo ng Katotohanan, (4) Ebolusyon ng Diskurso, at (5) Konteksto ng Lipunan. Sa huli, ang aplikasyon ng wikang Filipino bilang midyum na maaaring iangat sa kontemporaryong mundo ay nahaharap sa pagsisiyasat. Dalawang kasanayan ang natugunan. Sa una, binigyang-diin na ang kalibre ng wika ay nasa loob ng indibidwal na gumagamit nito. Kasunod nito, ang wika ay nagtataglay ng isang likas na kakayahan. Ang awtonomiya ng ating wika ay nakasalalay sa pakikipag-ugnayan ng mga gumagamit nito. Filipino wikang ay

nagpapakita na ang matibay ay nananatiling hindi sumusuko sa katatagan bilang Pilipino, na nagpapakita na ang pagpapahalaga sa kultura at pagkakakilanlan, na nagpapakita ng pagkilala at pakikibahagi sa kahalagahan ng sariling wikang pambansa.

Ayon kay Zafra (2016), ang papel na ito (Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino) ay nagpapakilala ng isang pamamaraan ng pagtuturo ng wika na nag-iiba mula sa mga nakasanayang gawi na nakasentro sa gramatika at komunikasyon. Ang kulturang Pilipino ay nagbibigay-diin sa koneksyon sa pag-iisa lamang mga indibidwal, lokasyon, artifact, pangyayari, ideya at iba't ibang manipestasyon ng mga simbolo ng kultura. Ang isang partikular na modelo ay ipinakilala sa pagsusuri ng mga kultural na domain o kultural na larangan na may kaugnayan sa wika. Ang huling seksyon ng papel ay naglalahad ng panukala hinggil sa pagtuturo ng wika at kultura.

Sinasaliksik ng papel na ito ang parte ng wikang Filipino sa loob ng marketing landscape ng Pilipinas. Ito ay nauugnay sa paniwala na ang wika ay dapat na linangin sa iba't ibang mga disiplina upang mapadali ang pangkalahatang pagsulong ng pambansang wika. Upang masuri ang layunin ng pananaliksik, pinagsama-sama ng investigator ang mga pagsusuri sa literatura upang tuklasin ang pag-unlad ng marketing sa kontemporaryong panahon, sa gayon ay nagpapatunay sa kahalagahan ng mga iskolar na pagtatanong sa loob ng domain na ito. Isinagawa ang pagsusuri sa iskolar na pananaliksik at literatura sa Pilipinas. Napagmasdan na, bilang karagdagan sa kakapusan ng mga nakalimbag na materyales sa wikang Filipino, mayroong isang kapansin-pansing kakulangan sa iskolar na pananaliksik na nauukol sa marketing sa loob ng bansa. Malaking bilang pananaw nito ang wikang pambansa ay nananatili ang kaugnayan sa pag-akit sa pangkalahatang populasyon, pagpapadali sa isang malaking kampanya, pagsunod sa itinatag na mga alituntunin ng mga ahensya sa marketing, at pagtuturo sa mga darating na propesyonal ng bansa (Villalon, 2020).

Ang pagtuturo ay nagpapakita ng mga teoryang gramatika at linggwistika na naglalayong linawin at kritikal na suriin ang ibang teoryang gramatika at linggwistika. Ang pagpili ng tagapagturo tungkol sa pagtuturo ay naiimpluwensyahan ng kanyang mga paniniwala tungkol sa wika, gramatika, at proseso ng pagkuha ng wika. Ang masusing pag-unawa sa pundasyong teorya sa wika at gramatika, kasama ang kanilang aplikasyon sa mga kasanayan sa pagtuturo, ay magpapatunay lubhang kapaki-pakinabang sa pagtuturo. (Gannaban, 2020).

Ayon kay Pacol (2023), ang E-BAKADA interactive na platform ay nilikha bilang bahagi ng isang pananaliksik at pag-unlad na pag-aaral. Ang salitang "E" ay nangangahulugang "electronic," at ang salitang "BAKADA" ay nagmula sa aklat na ABAKADA, na isang mahalagang mapagkukunan para matutunan ng mga Pilipino ang wika. Gumamit ang analyst ng binagong checklist mula sa Learning Resource Management and Development System para makakuha ng kumpirmasyon mula sa mga makaranasang guro na nagtrabaho kasama ng mga bata mula sa ibang mga bansa. Ang mga pagtuturo ng Filipino ay nagpapakita ng mga benepisyo ng pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa mga tao mula ibang bansa bilang pangalawang wika (SL) at banyaga (FL). Ito ay isang bagong paraan upang magturo ng mga wika, na makakatulong sa mga taong hindi katutubong na mapabuti at maperpekto ang kanilang pag-aaral ng pangalawa o banyagang wika.

Ayon naman sa pananaliksik nina Galon at Marbella (2022), ang mga atraksyong pangturismo sa loob ng lungsod ng Barcelona ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng wikang Filipino. Gumamit ang pag-aaral ng disenyo ng pananaliksik na qualitative-descriptive upang mangalap ng mga datos na naglalayong tuklasin ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtukoy ng mga atraksyong pangturismo sa Barcelona. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling

upang matukoy ang mga kalahok, na binubuo ng mga mag-aaral, mamamayan, turista, tagapag-alaga, at mga tauhan ng lokal na pamahalaan. Filipino turismo ay nagpapahusay ng komunidad sa lokal na komunidad at nagpapahusay ng paggamit ng wikang Filipino. Ang mga lokal na pamamahala ay nagtuunan ng pansin ang pagpapakilala at pagsulong ng atraksyong pangturismo. Ang mga tagapagturo na gabayan ay nagpapahusay ng pagpapahusay ng komunidad sa pamamagitan ng wikang Filipino.

Ang mga umuunlad na gramatika sa loob ng wikang Filipino ay nagpapakita ng kapansin-pansing pagkakaiba-iba. Sa katunayan, ang karamihan ay nananatiling hindi sapat na napagmasdan, maliban sa mga kalat-kalat na pagsisikap na alalahanin at mag-alok ng mga maikling paglilinaw. Ang maraming salik na nangangailangan ng pagsusuri sa kontemporaryong kalagayan ng wikang pambansa, na sumasaklaw sa pagbigkas, bokabularyo, at pagbuo ng pangungusap nito. Isang halimbawa ng umuusbong na mga istrukturang panggramatika sa wikang Filipino na kanyang binanggit ay ang laganap na aplikasyon ng anyong maramihan bilang pantukoy sa mga pang-uri (Castro, 2022).

Pinaliwanag ni Gloria (2021) na sinuri ng pananaliksik na pinamagatang Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa panahon ng Pandemya ang pagbabalangkas ng mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Filipino sa gitna ng pandemya. Ang mananaliksik ay naghangad na magsagawa ng isang makabuluhang pagsisiyasat at mangalap ng komprehensibo at nuanced na data tungkol sa mga sumusunod na lugar: (1) ang pedagogy ng pakikinig, (2) ang pedagogy ng pagsasalita, (3) ang pedagogy ng pagbasa, (4) ang pedagogy ng pagsulat, (5) ang pedagogy ng bokabularyo, (6) ang pedagogy ng panitikan, at (7) ang ebalwasyon ng pagkatuto sa loob ng asignaturang Filipino. Ang karanasan ay nagbibigay ng mahusay na nasuri at impormasyon na nagmula sa mga pagsisiyasat ng mga mananaliksik. Ang kanitong paraan ay mahalaga para sa paglinang ng mga epektibong tagapagturo, ang pagbabalangkas ng mga estratehiya sa larangan ng edukasyon ay magpapadali sa pinabilis na pagkatuto para sa bawat mag-aaral sa mga gawaing pang-akademiko.

Isang patuloy na hamon sa wikang Filipino at mga gamit nito sa panahon ng pandemya at pag-unlad ng kultura ng pananaliksik. Sa kabila ng iba't ibang modalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral, tinukoy ng pag-aaral na ito ang mga pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro sa Pananaliksik gayundin ang pagtatala ng kanilang mga karanasan at tinukoy ang mga hamon at problemang kanilang kinakaharap. Ang disenyong ginamit sa pag-aaral ay phenomenological analysis na nakatuon sa pagsukat at pagsusuri ng mga thematic na tugon. Ang pag-aaral na ito ay nagpahiwatig na ang isang malaking problema para sa mga guro at mag-aaral ay ang mahinang koneksyon sa internet, ngunit ang bawat isa ay nagagawa pa rin ang kani-kanilang tungkulin; upang makapaghatid ng impormasyon sa panig ng guro at hindi sinasadya ng mag-aaral upang makagawa sila ng isang research paper sa wikang Filipino. At bilang tugon sa mga pangangailangan ng mag-aaral gayundin sa pagtataguyod ng intelektwalisasyon ng Wika, ang isang panukalang programa ay naglalayong patuloy na palakasin ang wikang Filipino (de Jesus et al., 2023).

Ayon sa pag-aaral ni Bautista (2004), Ang wikang Filipino ay isang kasangkapan sa pagtuturo na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga konsepto at ideya. Ang wikang Filipino ay hindi lamang isang wika kundi isang instrumento ng pagtuturo na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na magkaroon ng pagkakaisa at pagkakilanlan bilang mga Pilipino ayon naman kay Nolasco (2010). Ayon sa pag-aaral ni Bautista (2011), ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ay nakakatulong sa pagpapabuti ng pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakita rin sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na nag-aaral sa wikang

Filipino ay may mas mataas na grado kaysa sa mga mag-aaral na nag-aaral sa ibang wika. Nakita rin sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na nag-aaral sa wikang Filipino ay may mas malalim na pag-unawa sa kultura at kasaysayan ng Pilipinas. Ayon sa natuklasan ni Santiago (2013), ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Sa Pagpapabuti ng Komunikasyon at Pakikipag-ugnayan, nakita sa isang pag-aaral na ang mga mag-aaral na nag-aaral sa wikang Filipino ay may mas magandang pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kapwa mag-aaral. Mula sa pananaliksik ni Tupas (2015), ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ay nakakatulong sa pagpapabuti ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral at mga guro.

Ayon sa pag-aaral ni Dumanig (2017), ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng pagmamahal sa wika at kultura ng mga Pilipino. Nakita rin sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na nag-aaral sa wikang Filipino ay may mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapanatili ng wika at kultura. Ang pag-aaral na ito ay kumakatawan sa Pagpapalakas ng Pagmamahal sa Wika at Kultura. Isang kaugnay na pag-aaral din ang nagpapatunay na ang mga mag-aaral na nag-aaral sa wikang Filipino ay may mas mataas na grado sa mga asignaturang tulad ng Filipino, Kasaysayan, at Sosyolohiya. Ayon kay Ortega (2019), ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa Pilipinas. Ito ay nakapagpapabuti ng Kalidad ng Edukasyon. Naniniwala ang mananaliksik ng pag-aaral na ito na makikita ang espasyo ng Filipino sa sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mga mag-aaral bilang wikang pantulong sa mga pagkakataong nahihirapan ang mga mag-aaral sa pang-unawa sa Ingles at magagamit ito sa mga yugto tulad ng pagpapaliwanag, pagpapahayag, pangangatuwiran, pagbibigay ng halimbawa, pagpapalawak at pagpapalalim ng aralin, at maging sa pagdidisiplina sa klase. Tulad ng paniniwala nina Brown at Yule, mahalaga ang gampanin ng wika sa lahat ng mga yugtong nabanggit para sa higit pang produktibo at makabuluhang pagtalakay ng aralin.

## Methodology

Naglalaman ang kabanatang ito ng pag-aaral ng mga hakbang kung paano naisagawa ang pananaliksik tungkol sa Kahalagahan ng Paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng Mindanao State University-Sulu. Sa kabuuan, matatagpuan sa kabanatang ito ang Disenyo ng Pag-aaral, Lugar ng pananaliksik, Respondante ng pag-aaral, Teknik sa Pagpili ng mga respondante, Instrumento ng pananaliksik, Hakbang sa pagkakalap ng mga datos at Estatistikong paglalapat ng mga datos.

1. *Research Design*

Palarawan (deskriptib) ang disenyong ginamit sa pananaliksik na ito na naglalayong makalikom ng mga datos upang magamit sa pag-aaral. Ayon kay Creswell (2014), ang disenyo ng pag-aaral na deskriptib ay isang paraan ng pag-aaral na naglalayong magbigay ng detalyadong paglalarawan ng isang partikular na pangyayari, karanasan o katangian.

2. *Research Locale*

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Mindanao State University-Sulu na matatagpuan sa Capitol site, Jolo, Sulu. Ito ay ang kauna-unahang unibersidad na naitatag sa taong 1977 sa lalawigan ng Sulu. Ang MSU-Sulu ay isa sa mga kampus ng Mindanao State University System na kilala sa mga programa nito sa edukasyon, agham, at teknolohiya at pati na rin sa pagtulong sa pag-unlad sa mga komunidad ng Mindanao. Ang unibersidad na ito ay binubuo ng siyam na departamento at ito ay ang mga sumusunod: College of Agriculture, College of Business Adminitration at Accountancy, College of Education, College of Public Affairs and Crmininology, College of Arts and Sciences, College of Health and Sciences, College of Fisheries, College of Computer Sciences at ang kolehiyo na nasa unang taon pa lang ng operasyon nito na ang College of Law. Mayroon

ding dalawang departamento na nasa sakop ng College of Education kung saan ito ay ang Senior High School Department at Mindanao State University Laboratory High School.

3. *Respondents of the study*

Ang mga respondante sa pananaliksik na ito ay ang mga guro sa Mindanao State University-Sulu na nagtuturo ng iba't-ibang asignatura mula sa iba't-ibang kolehiyo kabilang na ang mga guro ng Senior High School Department, kung saan ang karamihan sa kanila ay nagtuturo din sa iba't-ibang kolehiyo ng nasabing unibersidad sa akademikong taong panuruan na 2024-2025 lamang. Ang mananaliksik ng pag-aaral na ito ay magpopokus lamang sa pangangalap ng datos mula sa isang daang piling respondante (100) na kasalukuyang nagtuturo ng iba't-ibang asignatura mula sa iba't-ibang departamento na bumubuo sa nasabing unibersidad. Ang pangangalap ng datos ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga talatanungan sa mga mapipiling respondante.

4. *Sampling design*

Ang pagkukunan ng datos ay mga gurong nagtuturo sa antas tersarya ng Mindanao State University Sulu, kasama na ang mga gurong nagtuturo sa Senior High School department. Ang magiging respondante ng pag-aaral ay bubuuin sa pamamagitan ng purposive sampling technique. Ayon kay Creswell (2014), ang purposive sampling ay isang uri ng sampling na ginagamit sa mga kwalitatibong pag-aaral upang makuha ang mga kalahok na may kaalaman o karansan na may kinalaman sa partikular na isyu o problema. Sa kabuuan, ang mananaliksik ay kukuha lamang ng 100 kalahok na kakatawan bilang respondante ng pag-aaral. Pipili lamang ng limang departamento sa Mindanao State University-Sulu ang mananaliksik na pagkukuhanan ng respondante para sa pag-aaral na ito. Maisasakatuparan ang pagkalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagsagot ng mga respondante sa talatanungang ipamamahagi ng mananaliksik. Ang mga departamentong pagkukuhanan ng mapipiling respondante ay makikita sa Talaan I.

Talaan I. Respondante

| MGA DEPARTAMENTO SA MSU-Sulu | Bilang ng respondante |
|---|---|
| College of Arts and Sciences | 20 |
| College of Education | 20 |
| College of Business Administration and Accountancy | 20 |
| College of Agriculture | 20 |
| Senior High School Department | 20 |
| TOTAL | 100 respondante |

5. *Data gathering procedure*

Pagkatapos na maiwasto ang nakatalagang mga pahayag sa talatanungan, gagawa ang mananaliksik ng liham na humihingi ng pahintulot sa tsanselor ng pamantasan at sa mga dekano ng iba't-ibang kolehiyo na bumubuo sa Mindanao State University-Sulu, upang maipamigay ang mga talatanungan sa mga guro na tutugon sa pag-aaral na ito. Direktang pupuntahan ng mananaliksik ang mga gurog mapipili upang ibigay nang personal ang mga talatanungan. Pagkatapos ng pagsasagot ng mga respondante sa ibibigay na talatanungan, sisimulan na ng mananaliksik ang pag-tally sa mga nakalap na datos sa tulong at gabay ng isang eksperto sa istadistika upang masimulan na ang pag-aanalisa sa mga nakalap na datos gamit ang kaukulang statistical treatment.

6. *Research instrument*

Sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay gumamit ng isang talatanungan o survey questionnaire na binubuo ng mga pahayag na mamarkahan ng tsek ng mga respondante ayon sa lebel ng kanilang pagsang-aayon. Naghanda ng tatlong pahina ng talatanungan ang mananaliksik alinsunod sa pangangalap ng datos na kinakailangan upang matugunan ang mga tiyak na katanungang pampanaliksik. Gumamit ang mannaliksik ng likert scale sa paggawa ng talatanungan upang makuha ang pananaw ng mga resspondante.

7. *Validity and reliability*

Isinaalang-alang na ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay isang istandardisadong kasankapan na may kaunting pagbabago mula sa mga naunang pag-aaral mula kay Ortañez, D. (2020) na may pamagat na Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon taong 2020 na hindi na kinakailangan pang magsagawa ng muling pagsusuri ng validity at reliability.
Gayunpaman, ang nasabing instrumento ay ipapasailalim sa pagsusuri ng dalawang lupon ng mga eksperto sa school of Graduate Studies upang matiyak ang pagiging angkop at aplikabilidad nito sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral.

8. *Statistical treatment of data*

Ang mga makakalap na datos ay itinala, inihanay, isa-isang susuriin at ibabalideyt. Upang sagutan ang unang tanong sa suliranin na nagsasaad ng katanungang: Ano ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa Edad, Kasarian, Antas na tinuturuan, Tagal ng panunungkulan at Asignaturang tinuturuan, gagamitin ang frequency count at percentage.
Ang mean at standard deviation naman ang ginamit upang matugunan ang ikalawang tanong na "Ano ang antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU-Sulu ayon sa: Epekto, Benepisyo at hamon sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman?"
Upang masagutan ang ikatlong suliranin na nagsasaad ng katanungang "May mahalaga bang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU-Sulu kung ang mga datos ay nalikom ayon sa demograpikong propayl na Edad, Kasarian, Antas na tinuturuan, Tagal ng panunungkulan at Asignaturang tinuturuan?" T-test for independent samples ang ginmit para sa kasarian at one-way ANNOVA naman ang gagamitin sa iba pang propayl.
Para naman sa pagsagot sa huling suliranin na nagsasaad ng tanong na "May mahalaga bang kaugnayan ang mga sub-kategoryang nasaklaw ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU-Sulu?" ay ginamit ang Pearson Product Moment Correlation Coefficient (Pearson r) test for independent samples ang gagamitin

9. *Ethical considerations*

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, isasagawa ang mga hakbang upang matiyak ang pagsunod sa mga pamantayan ng etika. Bago ang pagkuha ng mga datos, ang mga kalahok ay bibigyan ng malinaw na impormasyon tungkol sa layunin, pamamaraan, at posibleng epekto ng pag-aaral, at sila ay malayang makapagbibigay ng kanilang pahintulot upang lumahok. Lahat ng imporasyon mula sa mga kalahok ay ituturing na kumpidensyal at walang ibubunyag na detalye na makapagdudulot ng pagkakakilanlan.
Bilang bahagi ng pagpapahalaga sa intelektwal na ari-arian, lahat ng mga sanggunian at ideya mula sa iba pang may-akda ay isisipi ng tama upang maiwasan ang plagiarism.

Bukod dito, ang pananaliksik ay isasagawa nang may mataas na paggalang sa kultura, pananaw, at karanasan ng mga kalahok, at titiyakin na walang diskriminasyon o pagpapalabis sa pagsusuri ng resulta. Sa kabuuan, ang ma etikal na pagsasaalang-alang ay magsisilbing gabay

upang mapanatili ang kredibilidad, integridad at proteksyon ng mga kalahok sa buong proseso ng pananaliksik.

**Results and Discussion**

Inihahandog ng kabanatang ito ang resulta ng ginanap na pananaliksik tungkol sa kahalagahan ng wikang Filipino sa pagtuturo ng mga guro ng Mindanao State University – Sulu ng batayang kaalaman. Ang mga diskusyon tungkol sa resulta ay makikita din sa kabanatang ito.

1. Ano ang demograpikong propayl ng mga guro ayon sa mga sumusunod: 1.1 Edad,
1.2 Kasarian, 1.3 Antas ng Tinuturuan, 1.4 Tagal ng Panunungkulan, at 1.5
Asignaturang Tinuturuan?

*1.1 Ayon sa Edad*

Talaan 1.1 Demograpikong Propayl ng mga Guro ayon sa Edad

N = 100

| Edad | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| 21 – 30 taong gulang | 56 | 56% |
| 31 – 40 taong gulang | 31 | 31% |
| 41 – 50 taong gulang | 7 | 7% |
| 51 taong gulang at pataas | 6 | 6% |
| Kabuuan | 100 | 100% |

Ipinapakita sa talaan 1.1 ang demograpikong propayl ng mga guro ayon sa edad. Makikita sa talaan na 56 o 56% ng mga respondante ay nasa pagitan ng 21 – 30 taong gulang at 6 o 6% lamang ang nasa 51 taong gulang at pataas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga respondante ay bata pa o di kaya mga bagong guro.

*1.2 Ayon sa Kasarian*

*Talaan 1.2 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Kasarian*

| Kasarian | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Lalaki | 37 | 37% |
| Babae | 63 | 63% |
| Kabuuan | 100 | 100% |

Ipinapakita sa talaan 1.2 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa kasarian. Makikita sa talaan na 63 o 63% ng mga respondante ay babae at 37 o 37% lamang ang mga lalaki. Ang resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga respondante ay babae.

*1.3 Ayon sa Antas ng Tinuturuan*

*Talaan 1.3 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Antas ng Tinuturuan*

| Antas ng Tinuturuan | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Unang taon | 27 | 27% |
| Ikalawang taon | 26 | 26% |
| Ikatlong taon | 24 | 24% |
| Ika – apat na taon | 23 | 23% |
| Kabuuan | 100 | 100% |

Ipinapakita sa talaan 1.3 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa antas ng tinuturuan. Makikita sa talaan na halos pareho ang bilang ng mga respondante sa bawat antas

ng tinturuan na nasa 23 o 23% hanggang 27 o 27% kada antas. Ang resulta ay nagpapahiwatig na sinubukan ng mananaliksik na ibalanse ang
dami ng respondante sa bawat ,

*1.4 Ayon sa Tagal ng Panunungkulan*

*Talaan 1.4 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Tagal ng*

| Tagal ng Panunungkulan | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| 5 taon pababa | 60 | 60% |
| 6 – 15 taon | 34 | 34% |
| 16 – 25 taon pataas | 6 | 6% |
| Kabuuan | 100 | 100% |

Ipinapakita sa talaan 1.4 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa tagal ng panunungkulan. Makikita sa talaan na 60 o 60% ng mga guro ay nasa 5 taon pababa pa lamang sa panunungkulan at 6 o 6% lamang ang nasa pagitan ng 16 na taon pataas sa panunungkulan. Ang resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga guro ay baguhan pa lamang sa panunungkulan.

*1.5 Ayon sa Asignaturang Tinuturuan*

*Talaan 1.5 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Asignaturang Tinuturuan*

| Asignaturang Tinuturuan | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Pangunahing asignatura | 22 | 32% |
| Major | 39 | 39% |
| Pangkalahatan | 14 | 14% |
| Pili | 4 | 4% |
| Praktikal | 4 | 4% |
| Pananaliksik | 2 | 2% |
| Propesyunal | 15 | 5% |
| Kabuuan | 100 | 100% |

Ipinapakita sa talaan 1.4 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa asignaturang tinuturuan. Makikita sa talaan na 39 o 39% ng mga guro ay nagtuturo ng major na asignatura at 2 o 2% lamang ang nagtuturo sa pananaliksik. Ang resulta ay nagpapahiwatig na kokonti lamang sa mga guro ang nagtuturo sa ibang asignatura.

2. Ano ang antas ng ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu ayon sa: 2.1 Epekto ng paggamit ng Wikang Filipino; 2.2 Benepisyo na naibibigay ng Wikang Fiipino; at 2.3 Mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino?

*2.1 Ayon sa Epekto ng Paggamit ng Wikang Filipino*

*Talaan 2.1 Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu ayon sa Epekto ng Paggamit ng Wikang Filipi*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Sa tulong ng wikang Filipino, ang mga guro ay mas epektibong nakapagpapahayag ng mga ideya sa wikang nauunawaan ng mga mag-, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto. | 4.670 | .587 | Lubos na sumasang - ayon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Ang mga guro at mag-aaral ay mas komportableng nakakapag-usap, na nagiging dahilan upang mas maging interaktibo ang daloy ng talakayan. | 4.530 | .594 | Lubos na sumasang – ayon |
| 3. Ang paggamit ng Wikang Filipino ay nagbibigay diin sa lokal na kultura at karanasan. | 4.470 | .540 | Sumasang – ayon |
| 4.Nagiging mas makabuluhan ang aralin dahil ang mga halimbawa at konteksto ay mas nauugnay sa buhay ng mag-aaral. | 4.540 | .558 | Lubos na sumasang – ayon |
| 5. Ang paggamit ng sariling wika ang nag-uudyok sa mga guro at mag-aaral na magsuri ng mga local na isyu na nagiging bahagi ng kanilang pagkatuto at pagbuo ng kritikal na pag-iisip. | 4.530 | .559 | Lubos na sumasang – ayon |
| 6. Mas mataas ang kumpiyansa sa sarili ng mga guro sa pagpapaliwanag ng mga aralin kung ang wikang gagamitin ay wikang Filipino. | 4.430 | .537 | Sumasang – ayon |
| 7. Mas malayang nakapagbibigay ng hinuha ang mga mag-aaral dahil ang paggamit ng Wikang Filipino ay nakakadagdag sa kanilang kumpiyansa sa pagkatuto. | 4.470 | .540 | Sumasang - ayon |
| 8. Ang paggamit ng wikang Filipino ay nag- uudyok sa paglikha ng materyales pang- edukasyon na angkop sa karanasan ng mga mag-aaral na nagreresulta sa mas mataas na kalidad ng edukasyon. | 4.370 | .562 | Sumasang - ayon |
| 9. Nakakatulong ang Filipino sa pagsasalin ng mga ideya mula sa ibang disiplina na nagpapalawak ng pag-unawa sa mga interdisiplinaryong koneksyon. | 4.450 | .687 | Sumasang - ayon |
| 10. Ang paggamit ng wikang Filipino ay nag-uudyok sa mga guro na makapagbigay ng mas maraming halimbawa at paliwanag na mas naaayon sa lokal na karanasan, kaya't mas naeenganyo ang mga mag-aaral. | 4.530 | .521 | Lubos na sumasang – ayon |
| Pangkalahatan | 4.499 | | SUMASANG – AYON |

**LEYENDA:** 5 (4.50 – 5.00) – Lubos na Sumasang - ayon, 4 (3.50 – 4.49) – Sumasang - ayon, 3 (2.50 – 3.49) – Katamtaman, 2 (1.50 – 2.49) – Hindi Sumasang - ayon, 1 (1.00 – 1.49) – Hindi lubos na Sumasang – ayon

Makikita sa talaan na nagpahiwatig ang mga respondante na sila ay lubos na sumasang – ayon o di kaya ay sumasang – ayon lamang sa iba't – iban pahayag. Ilan sa mga pahayag kung saa sila ay lubos na sumasang – ayon ay ang mga sumusunod; sa tulong ng wikang Filipino, ang mga guro ay mas epektibong nakapagpapahayag ng mga ideya sa wikang nauunawaan ng mga mag – aaral, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto (mean = 4.670, SD = .587); at nagiging

mas makabuluhan ang aralin dahil ang mga halimbawa at konteksto ay mas nauugnay sa buhay ng mag – aaral (mean = 4.540, SD = .558). Para naman sa sumasang – ayon lamang, isa sa mga pahayag ay; mas mataas ang kumpiyansa sa sarili ng mga guro sa pagpapaliwanag ng mga aralin kung ang wikang gagamitin ay wikang Filipino (mean = 4.430, SD = .537). Ang pangkalahatan na 4.499 ay nangangahulugan na ang mga respondante ay sumasang – ayon sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu ayon sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino. Ang resulta ay nagpapahiwatig na mas epektibo ang paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo. Ang mga mag – aaral ay mas naiintindihan ang kanilang pinag – aaralan at nakakakuha sila ng mataas na marka sa pagsusulit sa MSU – Sulu.

Ayon kay Gonzales (2013), ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa mga pook na hindi bihasa sa wikang Ingles. Ipinakita ng kanyang pag-aaral na mas mataas ang academic performance ng mga mag-aaral kapag ang wika ng pagtuturo ay ang kanilang katutubong wika (Filipino) kumpara sa paggamit ng Ingles, na siyang tradisyunal na wika ng pagtuturo sa bansa. Hindi maipagkakaila na ang wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura sa mga paaralan sa Pilipinas.

*2.2 Ayon sa Benepisyo na Naibibigay ng Wikang Filipino*

*Talaan 2.2 Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu ayon sa Benepisyo ng Paggamit ng Wikang Filipino*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Mas pinapadali ng wikang Filipino ang pag-unawa sa mga konsepto, kaya mas epektibo ang pagkatuto at pagtuturo ng mga guro. | 4.740 | .505 | Lubos na Sumasang - ayon |
| 2. Ang mga materyales at halimbawa na nasa Filipino ay mas madaling maiuugnay sa karanasan ng mga mag-aaral, na mas nakapagbubuti sa kanilan pagkatuto. | 4.680 | .510 | Lubos na Sumasang - ayon |
| 3. Mas komportable ang mga guro at mag-aaral na makilahok at magpahayag ng kanilang opinion sa wikang kanilang mas nauunawaan. | 4.610 | .510 | Lubos na Sumasang - ayon |
| 4. Mas naipapahayag nang malinaw ng mga guro ang kanilang mga ideya na nagtutulak sa mga mag-aaral na mag-isip nang mas kritikal. | 4.570 | .555 | Lubos na Sumasang - ayon |
| 5. Ang paggamit ng lokal na wika ay nakapagpapatibay ng ugnayan at kooperasyon sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. | 4.690 | .465 | Lubos na Sumasang - ayon |
| Pangkalahatan | 4.658 | | LUBOS NA SUMASANG – AYON |

**LEYENDA:** 5 (4.50 – 5.00) – Lubos na Sumasang - ayon, 4 (3.50 – 4.49) – Sumasang - ayon, 3 (2.50 – 3.49) – Katamtaman, 2 (1.50 – 2.49) – Hindi Sumasang - ayon, 1 (1.00 – 1.49) – Hindi lubos na Sumasang - ayon

Makikita sa talaan na ang mga respondante ay nagpahayag ng lubos na sumasang – ayon sa lahat ng mga pahayag at ilan dito ay; mas pinapadali ng wikang Filipino ang pag-unawa sa mga konsepto, kaya mas epektibo ang pagkatuto at pagtuturo ng mga guro (mean = 4.740, SD = .505); at ang mga materyales at halimbawa na nasa Filipino ay mas madaling maiuugnay sa karanasan

ng mga mag-aaral, na mas nakapagbubuti sa kanilang pagkatuto (mean = 4.680, SD = .510). Ang pangkalahatan na 4.658 ay nangangahulugan na ang mga guro ay lubos na sumasang – ayon sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu ayon sa benepisyo ng paggamit ng Wikang Filipino. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay nakikita ang benepisyo ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo sa MSU – Sulu.

Ayon kay Cruz (2015), sa kanyang pag-aaral na nakatuon sa mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan, ang paggamit ng Filipino bilang medium ng pagtuturo ay nagsusulong ng mas malalim na pag-unawa at pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga konseptong itinuturo. Dito, ipinakita na ang mga mag-aaral ay mas nakakapagbigay ng mas maayos na sagot at talakayan kapag ang mga aralin ay ipinapaliwanag sa Filipino kaysa sa mga asignaturang itinuturo sa Ingles.

*2.3 Ayon sa Hamon ng Paggamit sa Wikang Filipino*

*Talaan 2.3 Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu ayon sa mga Hamon sa Paggamit ng Wikang Filipino*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Maraming sanggunian at materyales sa pagtuturo ang nakasulat sa wikang Ingles, kaya't nahihirapan ang mga guro na makahanap ng mga angkop na materyales sa Filipino. | 3.380 | .929 | Katamtaman |
| 2. Hindi lahat ng guro ay komportable o may sapat na kasanayan sa paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, na maaaring makaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. | 3.960 | .751 | Sumasang – ayon |
| 3. Maaaring may mga mag-aaral na mas sanay sa wikang Ingles, na nagiging hadlang sa kanilang pag-unawa sa mga aralin kapag ginagamit ang Wikang Filipino. | 4.110 | .803 | Sumasang – ayon |
| 4. Dapat tiyakin na ang mga halimbawa at konteksto sa mga materyales ay akma at nauugnay sa lokal na kultura na maaaring maging hamon sa paglikha ng mga ito. | 4.060 | .565 | Sumasang – ayon |
| 5. Kailangan ng patuloy na pagsasanay para sa mga guro upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo na madalas ay hindi sapat na naibibigay. | 4.210 | .433 | Sumasang – ayon |
| Pangkalahatan | 3.944 | | SUMASANG – AYON |

LEYENDA: 5 (4.50 – 5.00) – Lubos na Sumasang - ayon, 4 (3.50 – 4.49) – Sumasang - ayon, 3 (2.50 – 3.49) – Katamtaman, 2 (1.50 – 2.49) – Hindi Sumasang - ayon, 1 (1.00 – 1.49) – Hindi lubos na Sumasang - ayon

Makikita sa talaan 2.3 na ang respondante ay nagpahayag ng **sumasang – ayon** sa halos lahat ng mga pahayag at nagpahayag ng **katamtaman** sa iisang pahayag lamang at ito ay tungkol sa; maraming sanggunian at materyales sa pagtuturo ang nakasulat sa wikang Ingles, kaya't nahihirapan ang mga guro na makahanap ng mga angkop na materyales sa Filipino (mean = 3.380, SD = .929). Isa sa mga pahayag kung saan ang mga guro ay **sumasang – ayon** ay; kailangan ng patuloy na pagsasanay para sa mga guro upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit

ng wikang Filipino sa pagtuturo na madalas ay hindi sapat na naibibigay (mean = 4.210, SD = .433). Ang pangkalahatan na 3.994 ay nangangahulugan na ang guro ay hindi sumusuko sa hamon ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang guro ay determinado sa paggamit ng Wikang Filipino sa kanilang pagtuturo sa MSU – Sulu.

Isang patuloy na hamon sa wikang Filipino at mga gamit nito sa panahon ng pandemya at pag-unlad ng kultura ng pananaliksik. Sa kabila ng iba't ibang modalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral, tinukoy ng pag-aaral na ito ang mga pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro sa Pananaliksik gayundin ang pagtatala ng kanilang mga karanasan at tinukoy ang mga hamon at problemang kanilang kinakaharap. Ang disenyong ginamit sa pag-aaral ay phenomenological analysis na nakatuon sa pagsukat at pagsusuri ng mga thematic na tugon. Ang pag-aaral na ito ay nagpahiwatig na ang isang malaking problema para sa mga guro at mag-aaral ay ang mahinang koneksyon sa internet, ngunit ang bawat isa ay nagagawa pa rin ang kani-kanilang tungkulin; upang makapaghatid ng impormasyon sa panig ng guro at hindi sinasadya ng mag-aaral upang makagawa sila ng isang research paper sa wikang Filipino. At bilang tugon sa mga pangangailangan ng mag-aaral gayundin sa pagtataguyod ng intelektwalisasyon ng Wika, ang isang panukalang programa ay naglalayong patuloy na palakasin ang wikang Filipino (De Jesus et al., 2023).

3. May mahalaga bang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu kung ang mga datos ay nalikom ayon sa kanilang demogapikong propayl na 3.1 edad, 3.2 kasarian, 3.3 antas ng tinuturuan, 3.4 tagal ng panunungkulan, at 3.5 asignaturang tinuturuan?

*3.1 Ayon sa Edad*

*Talaan 3.1 ANOVA para sa Mahalagang Pagkakaiba sa Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagganap ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu kung ang mga Datos ay Nalikom ayon sa Edad*

| Source of Variation | Sum of Square | df | Mean Square | f | Sig. | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Epekto ng Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 2.349 | 3 | .738 | 2.373 | .574 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 31.651 | 96 | .330 | | | |
| Total | 34.000 | 99 | | | | |
| Benepisyo sa paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 2.497 | 3 | .832 | 2.836 | .443 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 28.129 | 96 | .293 | | | |
| Total | 30.687 | 99 | | | | |
| Hamon sa Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.943 | 3 | .648 | 2.146 | .643 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 28.966 | 96 | .302 | | | |
| Total | 30.909 | 99 | | | | |

Ang ANOVA ay ginami.t upang makita kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu kung ang mga datos ay nalikom ayon sa kanilang demogapikong propayl na edad. Ang f - value na 2.373 ayon sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino ay nagpapatunay na ito ay mas mataas kesa sa lebel na .05., ang f - value na 2.836 para sa benepisyo sa paggamit ng Wikang Filipino ay

mas mataas kesa sa lebel na .05., at ang f – value na 2.146 para sa hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05. Ang negatibong haypotesis ay tinatanggap. Ibig sabihin nito ay walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu kung ang mga datos ay nalikom ayon sa kanilang demogapikong propayl na edad. Ang resulta ay nagpapahiwatig na hindi basehan ang edad sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo.

*3.2 Ayon sa Kasarian*

*Talaan 3.2 t – test para sa Mahalagang Pagkakaiba sa Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagganap ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu kung ang mga Datos ay Nalikom ayon sa Kasarian*

| Baryabol | Grupo | Mean | SD | Mean Difference | t | Sig | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Epekto ng Paggamit | Lalaki | 1.344 | .860 | .086 | .565 | .754 | Walang |
| | Babae | 1.430 | .658 | | | | Pagkakaiba |
| Benepisyo ng Paggamit | Lalaki | 2.120 | .569 | .140 | .640 | .540 | Walang |
| | Babae | 1.980 | .470 | | | | Pagkakaiba |
| Hamon sa Paggamit | Lalaki | 2.220 | .550 | .190 | .555 | .370 | Walang |
| | Babae | 2.410 | .468 | | | | Pagkakaiba |

Para sa talaan 3.2, t - test ang ginamit para sa kasarian. Ang f value na 0.5465 para sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05, ang f value na 0.640 benepisyo ng paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05, at ang f value na 0.555 para sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05. Ang ibig sabihin ay tinatanggap ang negatibong haypotesis sa pamamagitan ng kasarian ng mga respondante. Ang resulta ay nagpapahiwatig na hindi makikita ang mahalagang pagkakaiba sa paggamit ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng kasarian lamang.

*3.3 Ayon sa Antas na Tinuturuan*

*Talaan 3.3 ANOVA para sa Mahalagaang Pagkakaiba sa Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagganap ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu kung ang mga Datos ay Nalikom ayon sa Antas ng Tinuturuan*

| Source of Variation | Sum of Square | df | Mean Square | f | Sig. | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Epekto ng Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.214 | 3 | .405 | 1.274 | .332 | Walang |
| Within Groups | 30.544 | 96 | .318 | | | Pagkakaiba |
| Total | 31.758 | 99 | | | | |
| Benepisyo sa paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.507 | 3 | .502 | 1.545 | .248 | Walang |
| Within Groups | 31.218 | 96 | .325 | | | Pagkakaiba |
| Total | 32.725 | 99 | | | | |
| Hamon sa Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.875 | 3 | .625 | 2.432 | .093 | Walang |
| Within Groups | 24.652 | 96 | .257 | | | Pagkakaiba |
| Total | 26.527 | 99 | | | | |

Para sa talaan 3.3, ANOVA ang ginamit sap ag – aanalisa ng resulta. Ang f – value na 1.274 para sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa .05 na lebel, ang f – value na 1.545 para sa benepisyo sa paggamit ng wikang Filipino ay mas mataas kesa sa .05 na lebel, at ang f – value na 2.432 ay mas mattaas kesa sa .05 na lebel. Ito ay nangngahulugan na walang mahalagang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagganap ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu kung ang datos ay nalikom ayon sa antas ng tinuturuan.

*3.4 Ayon sa Tagal ng Panunungkulan*

*Talaan 3.4 ANOVA para sa Mahalagaang Pagkakaiba sa Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagganap ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu kung ang mga Datos ay Nalikom ayon sa Tagal ng Panunungkulan*

| Source of Variation | Sum of Square | df | Mean Square | f | Sig. | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Epekto ng Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | .832 | 2 | .416 | 1.216 | .887 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 33.168 | 97 | .312 | | | |
| Total | 34.000 | 99 | | | | |
| Benepisyo sa paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.376 | 2 | .688 | 2.006 | .702 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 33.250 | 97 | .343 | | | |
| Total | 34.626 | 99 | | | | |
| Hamon sa Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.372 | 2 | .686 | 2.433 | .595 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 27.315 | 97 | .282 | | | |
| Total | 28.687 | 99 | | | | |

Ipinapakita sa talaan 3.4 ang resulta nng ANOVA ayon sa tagal ng panunungkulan. Makikita sa talaan na f value na 1.216 para sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa lebel na .05, ang f value na 2.006 para sa benepisyo ng paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05, at ang f value na 2.433para sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05. Ang ibig sabihin ay tinatanggap ang negatibong haypotesis sa pamamagitan ng tagal ng respondane sa panunungkulan. Ang resulta ay nagpapahiwatig na hindi makikita ang mahalagang pagkakaiba sa pamamagitan ng tagal sa panunungkulan lamang.

*3.5 Ayon sa Asignaturang Tinuturuan*

*Talaan 3.5 ANOVA para sa Mahalagaang Pagkakaiba sa Antas ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagganap ng Batayang Kaalaman ng mga Guro ng MSU – Sulu kung ang mga Datos ay Nalikom ayon sa Asignaturan Tinuturuan*

| Source of Variation | Sum of Square | df | Mean Square | f | Sig. | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Epekto ng Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 4.307 | 6 | .718 | 2.202 | .052 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 30.320 | 93 | .326 | | | |
| Total | 34.000 | 99 | | | | |
| Benepisyo sa paggamit | | | | | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 2.224 | 6 | .371 | 1.302 | .270 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 26.462 | 93 | .285 | | | |
| Total | 28.686 | 99 | | | | |
| Hamon sa Paggamit | | | | | | |
| Between Groups | 1.919 | 6 | .320 | 1.039 | .412 | Walang Pagkakaiba |
| Within Groups | 28.626 | 93 | .308 | | | |
| Total | 30.545 | 99 | | | | |

Ipinapakita sa talaan 3.5 ang resulta nng ANOVA tungkol sa asignaturang tinuturuan. Makikita sa talaan na f value na 2.202 para sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa lebel na .05, ang f value na 1.302 para sa benepisyo sa paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05, at ang f value na 1.039 para sa mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay mas mataas kesa sa lebel na .05. Ang ibig sabihin ay tinatanggap ang negatibong haypotesis sa pamamagitan asignaturang tinuturuan ng mga respondante. Ang resulta ay nagpapahiwatig na hindi makikita ang mahalagang pagkakaiba sa pamamagitan ng asignaturang tinuturuan ng mga guro lamang.

Ang paggamit ng sariling wika ay nagbibigay ng mahalagang benepisyo tulad ng: malalim na pagkakaintindi sa kultura, maayos na lomunikasyon sa komunidad, malakasang kaisipan ng pagkakakilanlan, malinaw na pagpapahayag ng komplikadong ideya, at isang pundasyon sa pagkatuto ng ibang lengguwahe ng mas epektibo (IDRA, 2023).Ang demograpikong propayl na edad, kasarian, socio – economic na katayuan, lokasyon, at ethnicity ay nagiging sanhi ng pagkakaiba sa lengguwahe, talasalitaan, at lebel ng kagalingan depende sa pagkatao ng isang indibidual at kagawian sa komunidad (The National Academics, 2021).

*4. May mahalagang ugnayan ba ang mga sub – kategorya na saklaw ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino sapagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu?*

*Talaan 4. Makabuluhang Kaugnayan ng Saklaw ng Antas ng Paggamit ng mga guro ng MSU-Sulu ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman.*

| | | Pearson r | Sig | n | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Epekto ng Paggamit | Benepisyo g Paggami | .575 | .000 | 100 | Mataas na kaugnayan |
| | Hamon sa Paggamit | .546 | .000 | 100 | |
| Benepisyo ng Paggamit | Epekto ng Paggamit | .531 | .000 | 100 | Mataas na kaugnayan |
| | Hamon sa Paggamit | .546 | .000 | 100 | |
| Hamon sa Paggamit | Epekto ng Paggamit | .510 | .000 | 100 | Mataas na kaugnayan |
| | Benepisyo ng Paggamit | .573 | .000 | 100 | |

Leyenda
*Correlation Coefficient is significant at £ = .05
Correlation Scales adapted from Hopkins (2002):
0.0 – 0.1 = Nearly Zero (halos wala); 0.1 – 0.3 = Low (mababa);
0.3 – 0.5 = Moderate (katamtaman); 0.5 – 0.7 = High (mataas);
0.7 – 0.9 = Very High (napakataas); 0.9 – 1.0 = Nearly Perfect (halos perpekto)

Ipinapakita sa talaan 4 ang mahalagang ugnayan ng mga sub – kategorya na saklaw ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu. Ang Pearson Product – Moment Correlation ang ginamit upang makita kung mayroon ba o walang mahalagang ugnayan ba ang mga sub – kategorya na saklaw ng antas ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman ng mga guro ng MSU – Sulu. Makikita sa resulta na ang r para sa epekto ng paggamit ng Wikang Filipino kaugnay ng benepisyo ng paggamit at mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino ay may mataas na ugnayan. May mataas na

ugnayan din ang benepisyo sa paggamit ngWikang Filipino kaugnay ng benepisyo at mga hamon sa paggamit ng Wikang Filpino. At sa huli, ang mga hamon sa paggamit ng Wikang Filipino kaugnay ng epekto at benepisyo sa paggamit ng Wikang Filipino ay may mataas na ugnayan din. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang tatlong baryabol ay may mataas na ugnayan sa isa't – isa. Mahirap na ihiwalay ang isang baryabol sa ibang baryabol dahil sila ay may malapit na pagkaka – ugnay. Mahalaga talaga ang Wikang Filipino sa kasalukuyan dahil nagpapatunay ito na mayroon sariling wikang maipagmamalaki ang mga Pilipino. Malinaw na ang wika ay isang mahalagang kasangkapan na ginagamit upang maiparating ang mga nasasaloob na ideya at damdamin ng isang tao (DOC, 2022). Kaya mahirap talagang paghiwalayin ang epekto, benepisyo, at mga hamon ng paggamit ng Wikang Filipino.

**Conclusion**

Ang mga sumusunod ay ang konklusyon ayon sa resulta ng pananaliksik:

i. Karamihan ng mga respondante ay nasa maagang trenta ang edad at pababa, lamang ang dami ng respondanreng babae kesa sa mga lalaki, nagtuturo sa apat na antas, karamihan ay bago pa lamang sa panunungkulan, at bihasa sa pagtuturo ng iba't – ibang asignatura.

ii. Ang pagsang – ayon ng mga respondante sa epekto, benepisyo, at mga hamon paggamit ng Wikang Filipino ay nangangahulugan na tinatanggap nila ang mga hamon at balakid sa paggamit ng Wikang Filipino.

iii. Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng Wikag Filipino kung ang mga datos na nalikom ayon sa kanilang sosyo demograpikong propayl na edad, kasarian, antas na tinuturuan, tagal ng panunungkulan, at asignaturang tinuturuan ay nangangahulugan na lahat ng mga guro ay pare – pareho ang karanasan sa epekto, benepisyo, at mga hamon na kinaharap sa paggamit ng Wikang Filipino.

iv. Ang mataas na ugnayan ng tatlong baryabol ay pagpapatunay lamang na hindi pwedeng isantabi ang isang baryabol sa ibang baryabol tungkol sa paggamit ng Wikang Filipino.

**References**

Adidul, Sharisma. (2024). The effectiveness of teaching and learning strategies used by teachers in Sulu State College. Journal of Education and Academic Settings. 1. 1-17. 10.62596/57133w71.

Bautista, L. (2004). The use of Filipino language in teaching various subjects. Philippine Journal of Education, 83(2), 143-156.

Bolatin, M. A., Lacamento, J., & Salcedo, M. A. (2019, March). Epekto ng paggamit ng wikang filipino at wikang ingles sa larangan ng pagtuturo. https://www.studocu.com/ph/document/notre-dame-of-dadiangas-university/bs-industrial-engineering/epekto-ng-paggamit-ng-wikang-filipino-at-wikang-ingles-sa-larangan-ng-pagtuturo/16242422

Castro, L. (2022). Deskriptibong Pagsusuri sa Gamit ng "Sobra" bilang Sumisibol na Pampasidhi ng mga Pang-uri sa Wikang Filipino. Makiling Review, 1(1). https://ovcre.uplb.edu.ph/journals-uplb/index.php/makilingreviewjournal/article/view/992

Concepcion, M. (2018). Ang kahalagahan ng wikang Filipino sa pagtuturo ng mga asignatura. De La Salle University Press

Dalumat E-Journal, 6(2). https://ejournals.ph/article.php?id=16040

De Jesus, L. F., Javier, N. L., & Mendiola, A. V. (2023). Programang Pampananaliksik Tungo sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino. Philpapers.org. https://philpapers.org/rec/DEJPPT

Dela Cruz, M. (2024). Wikang Filipino: Tulay sa Pag-unawa ng Mag-aaral sa mga Asignaturang Nakahanay sa Wikang Ingles. https://doi.org/10.6084/m9.figshare.24874047

Demetrio, F. (1993). Ang wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman. Philippine Journal of Education, 72(3), 23-34.

Education, 18, 48–60. https://www.jhe.cnu.edu.ph/ojs3/article/view/283

Galon, W., & Marbella, F. D. (2022). Wikang Filipino Gamit Sa Pagpapakilala Ng Atraksiyong Turismo Sa Bayan Ng Barcelona. Research and Analysis Journal, 5(12), 39–48. https://doi.org/10.18535/raj.v5i12.371

Gannaban, M. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino.

Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/profile/Aldrine-Gloria/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya/links/60fcfb6d0c2bfa282afc690a/Paglinang-ng-mga-Estratehiya-sa-Pagtuturo-ng-Wikang-Filipino-sa-Panahon-ng-Pandemya.pdf

Gonzalez, A. (2001). The importance of Filipino language in Philippine education. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 49(2), 151-166.

Hicana, M. F. (2023). Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon. CNU – JOURNAL of HIGHER

Konteksto ng K-12. https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/55689265/2197-7804-1-PB-libre.pdf?1517478701=&response-content-disposition=inline%3B+filename%3DAng_Pagtuturo_ng_Wika_at_Kulturang_Filip.pdf&Expires=1736932947&Signature=P4UVFJesxmK2w3hRzxBb0a0xgt05TSgor6TiZPGhaFdUpEH-G8jEi8LYKLWAUvR~z6iDh6aXe6mL247Jcpf0YJUOb7C61~66uhnkG7PJHzoqff3o3k8Ddj0Xpi6saVLORZo9Gs-Cj7Mpdn1nx1TVNrwKJh5vC2Yg2XdcU61VsbgrccIcTF8JGiZyp5G9Dgpc47FUgMXXqOkNW9NekYTTE3ZOTuq7QTbZIpT4xA9YXiQyzc454WDtlHe04Bsu44MSEfbnDb-2z2uZbCc4R6MFLDNhNPwgzPLkOdO8EY2S3AHx3YRArbTELGTsYFLdo-CK~uNfD45uxFBGiQWfoU7fGg__&Key-Pair-Id=APKAJLOHF5GGSLRBV4ZA

Metrillo, A. (2018). PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA PAARALAN Batangas Country Club. https://www.academia.edu/40167448/PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_NG_MGA_MAG_AARALSA_PAARALAN_Batangas_Country_Club

Nolasco, R. (2010). The role of Filipino language in shaping Philippine identity. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 58(2), 167-182.

Ortañez, D. (2020). Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon. Academia.edu. https://www.academia.edu/36247768/Kahalagahan_ng_Wikang_Filipino_sa_Edukasyon

Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante. The Normal Lights, 17(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v17i2.2164

Payangdo, J., Tomas, D. S., & Sagayo, E. (2022, November 12). Pagkatuto ng mga Mag-aaral na Kankanaey ng Wikang Filipino Bilang Pangalawang Wika. ResearchGate; unknown.

https://www.researchgate.net/publication/383038106_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral_na_Kankanaey_ng_Wikang_Filipino_Bilang_Pangalawang_Wika

Samia, M. B., Babas, C. C. Y., Garcia, J. C. D., Marcelo, J. F., Tigas, K. A. D., & Tuazon, G. B. (2024). Ang Kahalagahan ng Paggamit ng Pambansang Wika sa mga Ulat-panahon sa Asya sa Digital na Espasyo: Isang Naratibong Rebyu ng Literatura. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.31052.22407

Santos, F. (2015). Ang wikang Filipino sa pagtuturo ng batayang kaalaman. UP Press.

Sibayan, B. (1999). The role of Filipino language in the teaching of various subjects. Philippine Journal of Linguistics, 30(1), 1-15.

Tupas, R. (2015). Ang politika ng wikang Filipino sa edukasyon. Ateneo de Manila University Press.

Villalon, M. (2020). PAGHUBOG AT PAGLUBOG SA MASANG MAMIMILI: ISANG PANIMULANG PAG-AARAL SA POTENSYAL NG WIKANG FILIPINO SA LARANGAN NG MARKETING. DALUMAT E-Journal, 6(2). https://ejournals.ph/article.php?id=16041

Zafra, G. S. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino.